

**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF  
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE  
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[24 February 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Mga kababayan kong --- mga mahal kong kababayan. Nandito na naman kami, same group, the persons who can really help us in solving the mystery of the COVID.

So we will start our talk with the COVID and probably end with iyong sino 'yong mga... If there is time at kung --- if you have the stomach for it --- I will be talking about the Visiting Forces Agreement na pinag-usap-usapan na ngayon.

And, I said, I must be frank, I do not keep secrets to the people that... I've been approached tapos nagtanong kung ano, sabi ko, "No. I have not yet as yet decided on what to do." Meaning to say, to abrogate or renew because I want to hear the people. I want the narratives to come up. Not necessarily from the --- well, of course, they count very much pero hindi limitado dito sa Congress.

Ang ordinaryong mamamayan can have the say and, I said, there is always the [8888] and you can enter your objections or any comment that you think would help the country and pati kami dito matulungan ninyo.

So we start tonight and I'd like to call first si Secretary Duque, Department of Health, so he can also give us the input or what is really the score. Ano ba talaga? Ano ba talaga ngayon itong COVID at saka 'yong bakuna? Ano ba talaga 'yong sinasabi mo noon na COVID, na bakuna lang... We continue to discuss because they would tell you why. Secretary Duque, you have the table.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Magandang hapon po, Ginoong Pangulo, at Senator Bong Go, ang atin pong Chairperson ng Senate Committee on Health; ang akin pong mga kasama sa Gabinete at sa Inter-Agency Task Force; sa atin pong mga kababayan, magandang magandang gabi po.

Mayroon pong dalawang parte 'yong akin pong ulat ngayong gabi. Ito po ang usual COVID-19 situationer natin at ang ikalawa po ay magbibigay kami ng updates on the biosurveillance. [*Can we have the slide presentation, please?*] Iyan.

Ito po ang ating key messages ngayon pong linggo. Mula po sa kalagitnaan ng buwan ng Enero, tayo ay nakasaksi nang pagbagal sa pagtaas ng bilang ng mga naitatalang kaso habang nananatili rin naman na may ibang --- may iilang lugar na nagpapakita nang pagtaas gaya ng Regions VII and X, at ilang lungsod sa National Capital Region.

Ang pagdaragdag sa bilang ng kaso ay maaaring dulot po ng increased mobility o paggalaw ng mga tao at hindi maiwasang pagtitipon-tipon sa mga ilang lugar.

Para naman po sa mga lugar na may naitatalang new variants of COVID-19, ang pagpapaigting ng ating Prevention, Detection, Isolation and Treatment strategies ay atin pong isinusulong kaya naman sila ay nagpatupad ng localized lockdowns para malimitahan ang galaw ng mga tao at para mas maayos na maisagawa ang response efforts lalo na ang contact tracing up to the third generation as necessary. Gayun din po pinalalakas pa nang husto ang ating biosurveillance efforts para matukoy ang iba pang mga areas of concerned.

Para naman sa health care utilization rate or HCUR, ang lahat ng mga rehiyon ay nananatili po sa safe zone. Ang naitalang pinakamataas na health care utilization rate sa kasalukuyan at 48 percent at 47 percent para sa Regions VII and XI, respectively. Ngunit ito ay nasa low-risk classification pa rin sa ngayon.

Ang Baguio City naman ay naitala sa high risk ang kanilang HCUR. Samantalang ang Lapu-Lapu City, Santiago City, Makati City at ang probinsiya ng Davao de Oro at Isabela ay naitala sa moderate risk level.

Ngayon ika-24 ng Pebrero, may naidagdag na 1,557 na bagong kaso po. At ang total cases po natin ay umabot na sa 566, 420 as of today, February 24. Para naman sa ating mga active cases, ang kabuuang bilang ngayon ay nasa

30,970. Ang katumbas po nito ay humigit-kumulang limang porsyento ng atin pong mga kabuuang kaso.

At sa kabilang dako, ang ating recoveries naman ay umabot na sa 523,321 at ang recovery rate po natin ay nasa 92.4 percent. At habang ang bilang po ng namatay ay nasa 12,129 at ang atin CFR ay nananatiling nasa 2.14 percent. [Next slide.]

Para naman sa ating world rankings as of February 24, ang Pilipinas po nananatili sa ika-31 sa mga bansang may pinakamaraming kaso. Habang tayo naman ay bumaba na sa ika-apatnapu't tatlo or 43<sup>rd</sup> mula sa 41<sup>st</sup> sa mga bansang may pinakamaraming active cases.

So maganda po ito bumababa po 'yong ating ranking which is a good sign of our success in our pandemic response. Kung ibabangga naman ang bilang ng kaso sa kada isang milyong populasyon, ang Pilipinas ay nasa 129<sup>th</sup> rank. Tumaas lamang ng limang antas mula noong nakaraang linggo.

Kung ibabangga naman... [Next slide, please.] Kung ibabangga naman ang bilang ng mga namatay sa kada isang milyong populasyon, ang Pilipinas ay nasa ika-isangdaan at labing anim or 116<sup>th</sup> na puwesto.

At para naman sa ating case fatality rate, tayo ay nasa ika-animnapu't siyam or 69<sup>th</sup> na ranking. Tumaas lamang ng isang antas mula sa nakaraang linggo. [Next slide.]

Kung atin namang susuriin ang kabuuan ng epidemic curve kung saan ang mga kaso po ay inilatag base sa petsa nang pagsisimula ng sintomas, mayroon po tayong bahagyang pagtaas na naitala kumpara sa 7-day moving average. At habang ang bilang ng mga kaso ay nakitaan nang pagakyat noong Enero, ang pagtaas ng kaso ay anti-unting bumabagal hanggang sa kasalukuyan.

So nagpa-plateau na po tayo. If you look at last seven graphs, this simply shows that although after the holiday season there has been an increase in the --- ah slight, I repeat, slight increase in the number of cases. However, towards the end or mid-February this has flattened or the increase has actually slowed down. [Next slide.]

Ito naman po para sa linggong ito, makikita po ang patuloy at bahagyang pagbaba ng mga bagong kaso sa pangkalahatan. Sa kabuuan, ang bansa ay may one percent na pagbaba sa two-week growth rate (2WGR) mula noong nakaraang tatlo hanggang apat na linggo at 1.56 cases per 100,000 population na average daily attack rate (ADAR).

Ang mga rehiyon ng VII, X, IV-B at NCR ay nagpakita nang pagtaas ng kanilang 2WGR at ang Region VII ang pinakamataas na nakapagpatala ng 64 percent 2WGR.

Ang mga rehiyon ng CAR, VII, XI, CARAGA at NCR ay nakapagtala naman ng ADAR na mas mataas kaysa sa national ADAR at 1.56 per 100,000 population. At mula sa nabanggit, ang CAR ang may pinakamataas na average daily attack rate na nakapagtala ng 5.6 confirmed cases per 100,000 population. [Next.]

Sa slide na ito, atin pong bibigyan ng pansiñ ang Region VII at patuloy natin iminumungkahi na paigtingin pang lalo ang kanilang PDITR strategies na lalo na sa mga lugar na nasa high-risk classification gaya po ng Cebu City, Mandaue City, Lapu-Lapu City. Sa kabuuán, ang Region VII ay nasa safe zone naman ang kanilang health care utilization rate at nanatiling Lapu-Lapu City ang nasa moderate risk at 69 percent.

Sunod po na slide para naman sa mga lugar na nasa Region X mainam na mabantayan ang mga sumusunod: ang Cagayan de Oro, Misamis Oriental, and Bukidnon na naitala sa moderate risk classification buhat nang pagtaas ng kanilang 2W[GR] or two-week growth rate and average daily attack rate. [Next slide.]

Para naman sa NCR, dito po, ang mga lungsod ng Navotas, ang Pasay ay naitala sa high-risk classification dulot nang mataas na 2WGR para sa Navotas City na nagkaroon po ng 349 percent increase at mataas na average daily attack rate sa Pasay City at 8.62 cases per 100,000 population.

Mataas po ito, Ginoong Pangulo. Ang mga lungsod ng Malabon, San Juan, Makati, Manila, Las Piñas, Valenzuela, Quezon, at ang Munisipyo ng Pateros ay nasa moderate risk classification sa nagdaang linggo.

Sa kabuuán, ang mga lugar sa NCR ay nasa safe zone ang kanilang HCUR maliban po sa Makati na nasa moderate risk or 63 percent utilization.

Iyon pong aking last slide ito po 'yong patungkol sa MR-OPV-SIA updates. Ito po 'yong isang slide lang po ito and I am showing this, Mr. President, because we just want to make sure that while we --- when we start rolling out our vaccines against COVID-19, eh hindi tayo magkakaroon ng sabay na measles and polio outbreaks.

And that's why I would like to appeal to the DILG to help us to complete our coverage of our Measles, Rubella and the Polio Supplemental Immunization Activity na ang akin pong pakiusap sa DILG ay hikayatin ang lahat ng atin pong mga regional directors and local chief executives lalong-lalo na po na i-prioritize ang MR-OPV-SIA in their respective localities for the remaining days of February, especially in barangays with highest unvaccinated children.

Next, is to facilitate the widest information dissemination for the immunization activity and include the Measles, Rubella-Oral Polio Vaccine-SIA in their respective press releases. Ensure, lastly, that policies and guidelines for COVID-19 Prevention and Control will be strictly observed while the MR-OPV-SIA is being implemented.

So kailangan po namin ang tulong ng DILG, Ginoong Pangulo, sa atin pong activities for MR and OPV-SIA.

So ito na lamang po. Thank you very much, Mr. President. I'm ready to answers po --- to answer your question.

**PRESIDENT DUTERTE:** Dito tayo sa ano --- Secretary Duque, dito tayo sa updates on Measles, Rubella and Oral Polio Supplemental Immunization Activity. Ito ba kasing delikado rin ng COVID?

**SEC. DUQUE:** Sa mga bata...

**PRESIDENT DUTERTE:** Oo, okay.

**SEC. DUQUE:** ...kasing delikado lalo na po ang measles, sir, kasi in 2019 we had 800 deaths among children.

**PRESIDENT DUTERTE:** So would you advise that iyon munang mga bata na hindi pa naturukan ng mga vaccinations kagaya nitong measles, rubella and the itong ano, oral polio, dapat?

**SEC. DUQUE:** Yes, sir. Tama po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you.

Secretary Galvez?

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Sir, ire-report ko po sa inyo po, sir, ngayon iyong tinatawag po natin, sir, na mga indicative deliveries ng mga vaccine. Ito 'yung tinatawag natin, sir, na best case.

Unang-una po, sir, iyong COVAX. Nag-e-expect po tayo ng 3.5 million po na vaccine galing po sa COVAX, ito po sa AstraZeneca at saka sa Pfizer. And then mayroon po tayong darating na ano, na 600,000 na donation plus 'yong ating procurement this coming ano, sir, this coming March na 1 million from the DOH.

So kung makikita po natin, Mr. President, talagang manipis po tayo sa ano sa first quarter kasi ang total lang po niyan is 5.1 million. Kaya po talaga pong tayo po ay nagkakaroon ng negotiation with the British government and also with China, and also with --- with India, and also with --- with Russia na kung puwede pong madagdagan itong ano itong first quarter na ano po natin, especially po na kailangang-kailangan po natin na mabakunahan iyong more or less 1.7 na healthcare workers plus 'yong mga ano po natin mga vulnerable communities and senior citizens po.

So ito po ang medyo talagang malaking problema po natin dahil po talaga 'yong sa global ano global demand, napakababa po ng ano ng ating supply sa first quarter. And then madadagdagan po 'yong ano iyong sa atin sa second quarter, mayroon po tayo na more or less 6 million plus galing po sa COVAX at mayroon din pong 5 million sa ating mga procurement at nago-total po 'yan ng 24 million point 1 million na doses sa second quarter.

And then ang main volume po ng ating mga ano mga procurement at saka 'yong sa COVAX ay darating po ng third quarter at saka fourth quarter. So 'yong ating planning po sa ating vaccination, ang major rollout po talaga natin will be coming from the third quarter and fourth quarter.

That's why iyong ongoing negotiation po natin sa mga ibang vaccine ay kailangan po na ina-anpo namin na kung puwede silang magkaroon ng early delivery. At nagine-negotiate din po tayo kahit mapamahal nang kaunti basta ma-early delivery lang po sila ng second quarter at saka po ng first quarter.

Iyon po ang ginagawa po nating technique, ino-offset po natin ng price --- prices na ano 'yong kanilang price. Dadagdagan po 'yong prices para mapapano po mapaaga po kasi mas maganda po 'yong mas maaga siya ma-offset natin 'yong ano iyong increase ng price.

Iyon po ang ano iyon po ang parang ito na po ang lahat ng ano po natin na we are expecting to receive 161 million doses by the end of 2021. *[Next slide, please.]*

Sir, ito po 'yong ano iyong ating update ng negotiation natin po sa ating mga terms of negotiation. Sa AstraZeneca po, ito po nagkaroon na po tayo ng supply agreement na nagkaroon na po ng advance payment ang ating mga tinatawag natin sa tripartite agreement ang ating mga private sector at saka po 'yong ano 'yong ating mga LGUs.

So mayroon na po tayong secured na 17 million na tinatawag nating doses. And then kanina, sir, more or less three and a half hours kami nagkaroon ng --- kaninang umaga nagkaroon po kami ng marathon ng Moderna --- marathon negotiations finalizing the language of the supply agreement.

So may mga three agreements na lang po kaming pina-polish in terms of iyong sa indemnification at saka po iyong mga terms of delivery.

**PRESIDENT DUTERTE:** One question. Iyong --- 'yong hinihintay --- iyong pinapagawa nila na mga agreements, the documentations, diyan na lang, the documentations would also include the indemnity?

**SEC. GALVEZ:** Yes, sir. Actually, sir, 'yon, sir, ang talagang medyo tedious kasi talagang ang gusto po talaga ng mga ibang manufacturers full blanket -- full blanket authority. Katulad po ng ano ng --- ng mga...

**PRESIDENT DUTERTE:** Full blanket absolution.

**SEC. GALVEZ:** Opo, kasama po doon kaya po medyo naga-ano po tayo dahil kasi po iyong Senado at saka sa kami po, iyong point of view po natin, na hindi po ganoon ka talagang para pong full blanket dahil kasi po 'yong tinatawag nating iyong good manufacturing practices kailangan pa rin po ma-maintain din po iyon.

Kasi 'yong --- iyong lahat ng mga ano iyong mga fault nila through gross negligence at saka tinatawag nating willful neglect dapat po talaga ano po iyon --- hindi po natin kasi jurisprudence po ng ano po ng ating ano ng ating state na dapat pangalagaan po natin ang ating mga mamamayan sa mga tinatawag nating malpractices po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Malpractices kung na-deliver na 'yong vaccines, not before. How about the malpractices and negligence of, for example, AstraZeneca, Moderna? Wala --- wala tayong laban?

**SEC. GALVEZ:** So iyon po, sir, ang ano, sir, iyon ang ina-ano po nila na talagang absolute po 'yong ano iyong... Kaya po nagkakaroon po talaga tayo ng ano ng tinatawag nating napakatagal na negotiation kasi siyempre po ang ano rin po natin we have to protect din po iyong health din po ng ating ano.

Kasi po iyon lang po kasi ang ano namin dapat malaman po ng mamamayan at saka ng mga manufacturer na the state cannot ano cannot waive iyong ano --- cannot waive iyong --- iyong ano po 'yong --- iyong tinatawag na blanket immunity na ang ano po natin ay iyong malpractices at saka willful neglect.

Kasi unfair po sa atin na sa isang manufacturer na i-ano --- i-ano natin 'yon na isu-surrender po natin 'yon dahil parang pagka nangyari po --- may mangyari na mayroon silang malpractices, parang ano --- parang ano po --- parang kawawa naman po 'yong ating mga mamamayan na talaga pong ano talagang mahihirapan po na makapag-ano po ng indemnity.

Though, mayroon po tayong indemnity fund pero dapat fair and square. Dapat sa negotiation table, it is fair for us na ano na ilaban natin sa manufacturer na kailangan fair din po sila na kailangan i-maintain din po nila iyong specification na required na ide-deliver nila na vaccine is also safe and effective.

Kung ano po iyong ano iyong in-order po natin, dapat po iyon ang ibigay nila.

**PRESIDENT DUTERTE:** So go ahead.

**SEC. GALVEZ:** Yes, sir. Kaya po, sir, nagpapasalamat sir tayo sir sa ano sir sa Senado, sa pamumuno sir ni Senate President Sotto at saka sir ni Senator Bong Go at Senator Angara na 'yong talagang iyong Senate bill is a landmark --- Senate Bill 2057 at saka 'yong House Bill No. 8648 na inano po ni Speaker Velasco ay ito po'y mga landmark na ano na mga legislation na they really intend to protect not only the manufacturers but also the ano the ano the vaccinee considering that mayroong allocated tayo na ano sir na indemnification fund kung just in case na ma-ospital or mayroong tinatawag tayong adverse effect. So lahat po protektado nito po.

Ibig sabihin pati po lalo na 'yong mga manufacturer kung natatakot po sila because of the adverse effect, ito pong spirit ng ano spirit ng Senate bill will fully give them the ano the protection while we are doing everything in good faith to serve the humanity and save our people from ano from this pandemic.

Sir, ano po, nag-meeting po kami kagabi, kasama po si Secretary Duque at saka ang nag-facilitate po si Usec. [Borje]. Nag-usap po ang Chinese side at saka po iyong Philippine side iyong preparation po ng mga documentary requirements kasi po 'yong mga tinatawag nating mga export permit, iyong mga acceptance ano --- deed of acceptance, inaayos na po. So para po 'yong ano iyong target date po natin maihabol po natin sa February iyong bakuna na naipangako po natin na darating ay ihahabol po natin.

So iyon pong ano iyon pong mga documentary requirements ng Government of the Philippines at saka iyong Chinese Embassy at saka po iyong requirement na documentary requirement ng Sinovac ay inaayos na po at most likely po within two to three days maayos na po lahat para po sa pagdating po ng ano ng ating ano.

Ang nasabi po ay military aircraft po ang gagamitin para one whole na po itong ano iyong 600,000 po na darating po. Most likely po ang ano po natin is within this week.

So iyong rollout plan po ay nailatag na po ni Secretary Vince Dizon. Nakausap na po niya iyong mga ibang ano iyong mga ibang --- si Usec. Cabotaje at saka ang DOH.

Kasi marami pong mga mayor, katulad po ni Yorme at saka kami po, magvo-volunteer po kami na talagang to have iyong building ng confidence, magpapabakuna po kami dahil kasi po talaga ang ano namin ang ano natin safe naman po iyong Sinovac dahil sa rollout po ng Turkey at saka Indonesia, ang priority po talaga healthcare workers iyong aged 18 to 59.

So ni-rollout po ng Turkey 'yan. More or less ngayon po sa Turkey mahigit na 6.5 million na po ang naro-roll out na Sinovac po ang ginamit. Iyong Presidente po ng Turkey nagpabakuna po siya.

Lately nga po iyong ano po iyong leader po ng Hong Kong na 64 years old, nagpabakuna din po noong isang araw. [Sec. Duque: Carrie Lam.] Carrie Lam sa Sinovac din po 'yon. Kaya po ma-ano po natin --- si President Widodo, Sinovac din po ang nag-ano po doon.

Kaya po ina-ano po namin sa ating mga mamamayan ay mag-allay ng fear na talagang ito pong ano ito pong Sinovac ay ano po safe and effective po ito dahil kasi approved na po ito ng FDA. At saka 91 percent naman ito sa Turkey eh.

At nakita natin medyo mababa lang po talaga doon sa ano sa healthcare workers. Kasi 'yong sa Brazil strain, ma-ano po 'yan eh, mahirap din i-solve 'yong ano eh kasi talaga pong nakita natin iyong Brazil, isa sa mga tinatawag nating most affected na country. Kaya po talagang mababa talaga

ang magiging efficacy kasi iyong tinatawag nating iyong kanyang ano iyong frequency at saka iyong tinatawag natin na sinasabi po ng mga expert na talagang iyong kanyang vulnerability sa --- na magkaroon ng infection sa COVID ay mataas po.

Pero ang sabi naman po ng ano ng ating mga expert na ang Sinovac po is 100 percent protecting you from the severe and severe diseases at saka po iyong tinatawag natin na severe and severe cases at saka po iyong hospitalization.

Maybe we can explain mamaya po ni Secretary Duque iyong ano po iyong ano po ng ano --- ibig sabihin po ng efficacy and severity po.

**SEC. DUQUE:** If I may, Mr. President, iyong unang-una po iyong bakuna, apat po ang kanilang epekto. Number one, it will reduce death. Number two, it will reduce symptomatic cases, iyon pong may sakit mapi-prevent iyong symptoms: iyong sipon, iyong ubo, lagnat.

Tapos ire-reduce --- mapapababa din niya iyong kaso ng asymptomatic cases. May virus ako pero wala akong symptoms. Pati iyong bilang na 'yon, babagsak because of the bakuna.

Number four, sir, it will also prevent hospitalization. And, therefore --- and it will prevent progression to severe form of COVID-19 infection. And, therefore, prevent hospitalization.

Now, Pfizer, Moderna, AstraZeneca, and Sinovac based on their clinical trial data, 100 percent ang efficacy rate nila in preventing severe COVID infection. Eh iyon naman, sir, ang importante kasi iyong namamatay galing doon sa severe eh.

So if you are able to prevent severe infection, walang mamamatay. And Sinovac belongs to that group that offers or provides 100 percent efficacy or effectiveness, sir. So I am not surprised that some countries despite the indications in the issued Emergency Use Authorization, they opted to still

include their healthcare workers within the age group of 18 to 59 years of age, Mr. President.

So tonight, the Interim National Technical Advisory --- National Immunization Technical Advisory Group is currently meeting, Mr. President. Baka magbago pa iyong indications for the use of the Sinovac vaccines. So we are waiting.

Perhaps late tonight, we'll be able to get a more definitive recommendation of our NITAG. So ito po iyong mga experts from various fields. We have immunologists, we have epidemiologists, microbiologists, sociologists, lahat po iyang mga 'yan nag-uusap ngayon, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Nothing more to say?

As I have promised the nation, I said I would dedicate the last remaining months of my stay in the Office of the President going after corrupt people. So that by the time na ano, maminus-minus na.

I cannot --- do not expect me to entirely clean as a pristine clean the bureaucracy. That is impossible and cannot really be achievable. Pero as we go along our way, marami na tayong --- talagang itong corruption.

List of Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Personnel Dismissed From Service:

Number one is Julius Navales – Director [III], Administrative Holding Office - Administrative [and] Human Resource Service. Grave misconduct [and] conduct prejudicial to the best interest of the service. Dismissal.

Ang sunod si Erwin Ogario – Director III, Administrative Holding Office - Administrative and Human Resource Service. Grave misconduct - for facilitating the release of a drug suspect and for not including 500 pieces of ecstasy in the inventory of the seized document or evidence.

Ang sunod, Sherwin Herbert Manuel – Intelligence [Officer] IV. Grave misconduct [and conduct] prejudicial to the best interest of the service - for facilitating the release of a drug suspect and for not including 500 pieces of ecstasy in the inventory of the seized evidence.

Putulin ko muna dito. Alam ba ninyo kung bakit? Do you really know na --- ? Hindi naman lahat. Nare-release sa pulis, minsan na-dismiss doon sa Fiscal's Office o minsan mismo sa korte, alam mo ang naglalaro dito alam mo ano? Pera.

I am not saying that all of them. As a matter of fact, it would be safe to say na kakaunti lang 'yan sila. Very few but then they destroy the integrity of government itself.

Now, itong mga "facilitating a drug suspect". Hindi naman abugado itong p\*\*\*\*\* j\*\*. Hindi --- hindi ka naman imbestigador and you facilitate the release, it could only mean money. That is why basta may pera at saka 'yang na-dispalko, dapat talaga must be dismissed.

Itong isa kasi si Manuel, one year without pay. Pagdating sa Civil Service Commission, sabi ng Civil Service, paalisin mo 'yan. Tama iyan and I would like to congratulate using the, you know, it's just a common sense. If you are there, bakit kita i-suspend? P\*\*\*\*\*...

If you are a --- if you are bribing or you are in the take that you can be bribed, you should not be there in the service at all. Hindi ako puwede magsabi niyang i-dis --- ah i-suspend lang kasi gagawa ito nang gagawa nang gagawa sa... Those policemen, PNP, na ang mga kasalanan itong related sa drugs pati itong pera, malversation, there's only one penalty there: They should not be in government. They should be out in the streets.

Ngayon, alam ko wala itong mga trabaho. But these guys are really --- lalo na iyong tumanggap ng pera na sanay sa corruption, alam na nila ang laro. Gagawa ito ng mga paraan para mabubuhay. And the easiest way to earn money is to practice the trade of bribery and in the releases at alam na kung paano --- sinong lapitan.

I'm just warning you. Basta itong mga itong grave misconduct, hindi ko... Ang isa lang pagdating doon, I will... If it's just a --- huwag na 'yan, kalimutan na ninyo. Basta 'yang droga at saka bribery, kalimutan na ninyo iyong suspension, suspension. Hindi ako maniwala diyan. Paalisin kita.

You know, lahat ng administrative cases sa Justice Department --- hindi, hindi, sa executive department of government --- executive, judicial, pati

legislative --- dito sa ano --- dito ka sa akin. I am the last sa matumbok mo ako.

Ang utos ko ngayon dito sa [PDEA] is paalisin ito lahat. Iyong lahat na suspended i-modify ninyo. Hindi na ako maniwala 'yang may finality sa --- sa final and executory.

Umalis kayo. Wala akong pakialam. Mag-demanda ka kasi sabihin mo tapos ka na, na-hearing na 'yong kaso mo at iyan lang ang penalty mo, one-year suspension. Sabihin ko sa iyo, that's b\*\*\*s\*\*\*. You get out. Mag-demanda ka? Mag-demanda ka. Mamili ka kung saan ka gustong opisina mag-demanda.

Itong si Reagan Silverio - Intelligence Officer. Grave misconduct - for extortion.

Alam mo, basta may regulation --- tandaan ninyo ito mga taumbayan --- basta may regulation, if there is somebody given to regulate, to deny or approve or do something that would make it easy for him or for the --- easy for him to make money and to secure the release of suspected na ano.

Kasi kung hindi naman totoo, bakit magbayad? Huwag mong sabihin magpakulong kayo ng mga inosenteng tao? Magsabi ka lang drug lord tapos patayin mo? Malaman ko nang malaman. Ikaw na lang ipapatay ko rin. Magsama kayo sa impyerno. Malaman ko nang malaman, sa totoo lang. Maski anong sikreto ng transaction mo, eh bakit alam ko? So, hindi mo matago 'yan.

You think that ikaw iyong intelligence officer? Kayong mga intelligence officer, binabantayan rin kayo kasi duda man ako baka mabili ka. Kung hindi ka mabili, mabuti. Kaya iyong ano ninyo, umalis kayo.

The problem is 'pag wala na kayong trabaho, anong gawain ninyo? So, pasok kayo diyan sa mga transaction na ganoon. Kaya ang... I'll be asking the PDEA to come up with the list of itong lahat ng mga tao in government, lalo na 'yang law enforcement, na kung sino iyong napatanggal kasi may suspectsa ako --- hindi lang suspectsa --- sigurado ako na gagawa ito ng milagro para to continue with this nefarious activity.

So, bantayan ito sila. There must be a team dedicated to watch only these guys who were dismissed from the service.

Itong si Hassan Muharam - Administrative Staff. Grave misconduct - for testing positive for drug use.

Ito iyong mga ano... Sana huwag lang ako makahuli ng ganito. Iyong hulihin ninyo isang tao tapos ipa-test ninyo ng positive tapos kunan ninyo ng pera, that is extortion. Tapos you will invade the --- invasive iyang injection eh. Huwag lang sana kasi 'pag napaalis na kayo, bago kayo paalisin, sabihin ko sa --- kay ano --- sa PDEA na dalhin ka muna sa akin. Pabaunan kita ng --- ako gusto ko martilyo eh. Ako ginagawa ko martilyo minsan kasi kung martilyuhin mo 'yong kamay, maggaganun na hindi na maka... Totoo, martilyo. Hindi iyong bilog, 'yong naka-ganun.

Lahat nang ---- lahat nang minartilyo ko sa buhay ko, lahat, totoo --- si Delfin Lorenzana alam niya, he was assigned in Davao --- lahat minartilyo ko na ano, mababait na ngayon. Kaya 'yong magsabi, "O, ano ka?" "Eh ito nga, Mayor, bigyan mo lang akong pangbigas." Sabi ko, "Eh may magandang buhay ka, nagle-leche ka."

Bong, paalala mo, pabilhan mo nga ako ng martilyo na maganda kay ipapadala ko dito. Totoo. Mag-demanda 'yan, eh 'di demanda. Human rights? Idagdag mo iyan doon sa ano --- idagdag mo 'yan doon sa itong human rights na itong commission. Nasabi naman 'yong places, tapos na.

There are only 10 countries today. In fact, 75 percent of all vaccination, sitenta'y singko porsyento nang lahat ng bakuna, nakuha ng 10 countries, sampa lang. Iyong 130, wala.

So, maghintay tayo at sana... Hindi naman ako nag-ano, I'm not trying to, I said, pontificate here. Iyong in the meantime, you just better follow government at iwasan...

Iyong --- iyong mask, ito. Ito it can save you a lot of trouble and expense. Simple lang ito. Sabagay 'yong mga holdupper hindi na masyado mahirapan. Sanay na ang mga animal na ganito eh. Ito lang.

Tapos huwag naman iyong ano gamitin ninyo... Nakita ko sa daan 'yang iyong --- ang ano ninyo, ang ganyan nagsasalita ganoon. *[Wears mask without covering the nose]* Wala na. Wala na-i-inhale, pumapasok sa hinga

mo 'yong... Iyong iba naman ganoon na. [Covers eyes with mask] Hay buhay.

The problem is ito ganito. How do you solve the problem? Well, I'll leave it to the local chief executives, governors, mayors, barangay captain. Iyong mga tao na walang-wala talaga. Hindi makabili nito kay bilhin mo 'to eh. Iyong iba nga wala ngang pagkain, 'di nga makabili ng ulam.

The provincial government and the municipal governments and the city governments, I require you to buy and give it for free. Kung ayaw ninyong gawain 'yan, ako ang magdala ng bakuna doon sa lugar ninyo, I will go to the city hall at ibigay ko 'yong... Iyan, ayaw mong magbili, ako ang mag-deliver. Ibigay mo sa mga tao. Ayaw mong gumastos? Ako ang gagastos.

So I hope that does not really happen. I hate to --- I hate to be pugnacious about it. Makipag-away ka diyan. Sana magkaintindihan na lang tayo na itong problema atin lahat.

So ilang --- how many countries? Ilan pa lang ang mayroon. Again, I... Seventy-five, sitenta'y singko porsyento, nandiyan lang sa sampa na... Ang iba, tayo, pati nga tayo wala. Canada nga na kapitbahay ng Amerika nagdadaman pa sila. Kino-corner talaga ng Amerika lahat ngayon kasi they have about 270 million people. Well... [332?] [Sec. Duque: 332 million, yes, sir] Old statistics pala 'yong binasa ko kanina. So three hundred thi... My God. Tapos dalawang --- may booster pa.

Aabot pa ito ng ano ha. Be, be, be very careful. Ako naman, I've been criticized. Tama kayo na "ito si Duterte nagsasalita hindi naman sinusunod." Tama kayo. "Na hindi naman nagma-mask." Tama kayo. Eh hindi ho ako holdupper na sanay magsalita nitong naka --- kaya tinatanggal ko.

Now, I run the risk of baka ako madale rin. Ah may vice president man, siya na ang susunod. Wala tayong magawa. I cannot... Even in the provinces, even when I was in --- I was in Bicol yesterday. We distributed the financial tulong sa mga tao na tinamaan.

I had a talk with the governor. Si --- [*Sino gani, Bong?*] [*Senator Bong Go: Sa Surigao, Governor Pimentel*] --- ah, oo si Pimentel. Sa Surigao, not bikel --- not bikel --- Bicol --- in Surigao. Iyon pala ang tinatamaan --- tinamaan nang husto.

But there was really no thing about destruction. Well, there was --- there were but it was because of the flooding na... Noong una, 'yong climate change medyo ano pa ako noon na parang ayaw ko maniwala. But ngayon, sobra talaga ang tubig na galing sa langit because of umiinit ho ang planeta.

At even by a certain degree higher we are in serious trouble kasi 'yong dagat ho mabilis na rin iyong singaw ng tubig. Umaakyat, 'yong parang nag-iinit ka ng tubig, 'yong ano na sumisingaw. And iilang ano, that's the biggest --- mas marami pa sa landmass ang tubig kaya kung bumagsak 'yan, talagang todo-todo. And we are not prepared for that.

Noon, we have the typhoons and the hot and --- hot weather and itong the cold weather usually in December. Pero ngayon ho, wala ng panahon sa bagyo. The bagyo can come anytime. Nagwawala ang tubig nga sa dagat eh. Usually it starts in Cebu. Galing Pacific, it hits Cebu, Leyte, Bicol, 'yong nasa malapit sa ano.

Ang Mindanao --- ano ba iyong pangalan ng typhoon? Ah Auring? Unang --- unang sa nag-plot iyong mga taga-PAGASA, ang ka-level niya sa Mindanao. Tapos maya-maya, hinintay niya ng ilang oras, umakyat na kaya tinamaan iyong Surigao tapos papunta na sa... Nag-ano lang nag --- nag-coastline lang siya. Ang Mindanao was spared, Davao was spared. We have to thank the good Lord for that.

So many things really coming our way, problems. But if you want to have an advice, if you are ready to get one, there is only one thing really that can save this planet, it's God. Maybe we should pray more, whatever the God.

Ako, I have my own God. Of course, I have the same God with everybody. Iyong God ng Moro, ng Muslim, assalamu alaikum sa inyo. Ano lang magdasal tayong lahat kasi mahirap 'yong buwan-buwan nag-ano. It's destructive to the nation at saka 'yong pera.

Iyong dinala namin doon --- nauna doon ang 'yong --- nauna na iyong mga sila General Jalad. Ang dinala ko na lang kahapon, I talked to Governor Pimentel, iyong monetary na tulong.

So I think that is all for tonight. And just --- by the way, just --- if you want questions, I may dedicate, set aside a few minutes to answer your questions lalo na iyong hirap na hindi makahanap ng solusyon.

If you have something to ask me for help or for advice or for an action, inaapi-api ka, paalamin mo lang ako. Sumulat kayo dito sa Malacañan. I will have my --- I have a staff for that kind of thing and we will respond. Hindi lang kaagad-agad, but we will respond.

So I have said enough. I hope that it --- to find you in maski na ano basta kumportable lang kayo at magandang gabi sa inyong lahat. *[applause]*

**--- END ---**